International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-30

# DEVELOPMENT AND ACCEPTANCE OF VISUAL LEARNING MATERIALS FOR STRUGGLING READERS IN SECONDARY SCHOOL

**Vanessa C. Cadungog**[1]
Department of Education, Koronadal National Comprehensive High School,
City of Koronadal, South Cotabato, Philippines
Email: vanessacadungog@sksu.edu.ph

**Gracelyn C. Altaya**[2]
Graduate School, Sultan Kudarat State University, Tacurong City, Philippines
Email: gracelynaltaya@sksu.edu.ph

**Abstract:** This study focuses on the development and acceptance of visual learning materials for secondary students struggling with reading, particularly at KNCHS. The study employed a qualitative research design, specifically the participatory rapid appraisal approach. It was conducted at KNCHS-JHS, located in Koronadal City, South Cotabato Province. Through the use of checklists and interviews, significant data were gathered. Based on the study's findings, the developed visual learning material for struggling readers underwent validation by experts in Filipino and ICT, as well as acceptability testing among teachers and students. The study's output, a visual learning material, can be utilized in teaching students with reading difficulties.

**Keywords:** *visual learning material, Filipino, struggling readers, reading*

## I. INTRODUKSYON

Isang malawak na isyung kinakaharap ng kaguruan at magulang ang kahirapan sa pagbasa ng estudyante. Maraming estudyante ang nahihirapan sa pagbatid at pagproseso ng teksto na nagreresulta ng mababang kabatiran sa kagalingan sa pagbasa. Ang kakulangan sa estratehiya sa pagbabasa, tulad ng hindi sapat na panahon sa pagsasanay at ang kakulangan sa mga kagamitan, ilan lamang yan sa mga salik na nagreresulta ng problemang ito. Dahil sa problemang ito, maraming estudyante ang hindi naabot ang mga kinakailangang kasanayan sa pagbasa, na nagiging sanhi ng pagbaba ng kanilang akademik performans. Ang kahirapan sa kakayahan sa pagbasa ay nakakaapekto sa kanilang kakayahang makapag-aral at sa kanilang pang-unawa sa iba pang asignatura. Kaya't mahalaga ang pagpokus sa mga solusyon upang maisaayos ang kabatiran sa pagbasa ng estudyante.

Idineklarang Araw ng Pagbasa ang Nobyembre 27 taon-taon alinsunod sa Republic Act 10556 o Araw ng Pagbasa *Act of 2013* na nilagdaan noong Mayo 15, 2013 na naglalayong pagtibayin ang pagpapahalaga at pagbibigay-pansin sa pagbasa. Ayon din sa kinalabasan ng PISA 2018, isa sa apat na estudyante ang may kahirapan sa samut-saring aspekto ng pagbabasa, tulad ng pag-unawa sa pangunahing konssepto ng binasang teksto at kumukunekta ng mga impormasyong nakuha mula rito.

Ayon kay Bautista (2022), kanyang ibinahagi na ang Departamento ng Edukasyon kasama ang ibang pribadong sektor ay palalaguin pa ang pagpapatupad at pagsasagawa ng Brigada Pagbasa Program na naglalayong matulungan ang bawat estudyante na may kahirapan sa pagbabasa na kung saan ay ilalahad nila ang nasabing programa kay Bise Presidente Gng. Sara Duterte-Carpio. Alinsunod sa programa at pagtugon sa suliranin sa pagbasa sa Pilipinas ay nagpalabas ng memoranda mula sa Central Office ng Departamento ng Edukasyon sa Regional Office hanggang sa bawat dibisyon sa bansa. Kaya naman, ang Dibisyon ng Koronadal ay nagpalabas ng memorandum noong ika-15 ng Hulyo, 2022 gamit ang kanilang opisyal na Facebook page na nagsasaad ng pag-obserba, interbensiyon sa pagbasa at numerasi, at ang programa sa brigada pagbasa. Ito ay nagpalabas rin ng DM CID no. 213, s. 2022 noong Nobyembre 11, taong 2022 gamit ang kanilang opisyal na *Facebook page* na naglalaman ng impormasyon hinggil sa Pambansang Buwan at Araw ng Pagbasa.

Bilang bahagi ng Dibisyon ng Koronadal, ang Koronadal National Comprehensive High School- JHS na pinagtuturuan ng mananaliksik ay tuwirang nakilahok at tumugon sa nasabing memorandum. Nagsimula noong Hulyo 25, 2022 at naganap naman ang kulminayson ng Brigada Pagbasa noong Agusto 15, 2022 sa nasabing paaralan. Ang

kalahok na estudyante ay ang natukoy na may kahinaan at kakulangan sa makrong kasanayang pagbasa gamit ang Phil-IRI.

Ang kakulangan ng kabatiran at pag-intindi sa kasanayang pagbasa ay nakakaimpluwensiya nang malaki sa kaunlaran ng estudyante (De Guzman, 2019). Napag-alaman din na ang pinakamataas na kasanayan ang panonood kaysa sa pakikinig at pagbasa sa kabatiran ng estudyante kung kaya masasabing ang estudyante ay higit na natututo gamit ang makabagong teknolohiya bilang kapamaraan sa pagkatuto ng estudyante (Escano at Catugal, 2021).

Sa mga isinagawang pag-aaral sa pagbasa sa Pilipinas, karamihan ay mga lebel sa kasanayan sa pagbasa, malalimang pagbabasa na may kaugnay sa pagsusuri ng teksto, performans ng estudyante, komprehensiyon, pagpapaunlad sa kagalingan sa maunawaang pagbasa ng estudyante at matukoy ang mga pangunahing salik sa kagalingan sa pagbasa. (Quintino, et al., 2021; Lorico, 2021; Mandado, 2021; Aclan, et al., 2019; Perez, 2019; Gonzales, 2018). Gayunpaman, walang literatura na nakatuon sa pagsasanib ng panood sa paglunsad ng pagbasa sa ilalim ng *reading program* sa Filipino para sa estudyante na nasa *frustrated level.*

Kaya, nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagbuo at pagtanggap ng biswal na materyal para sa mga nahihirapang magbasa na mag-aaral ng KNCHS upang makatulong sa pagpapalinang ng kagalingan sa pagbasa ng estudyante sa kadahilanang tumataas na ang bilang ng estudyante na nakararanas ng kahirapan sa pagbabasa.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay nakapokus sa pagbuo, balidasyon at pagtanggap ng biswal na materyal para sa nahihirapang magbasa na estudyante sa sekondarya ng KNCHS.

### Mga Tiyak na Layunin:

1. Malaman propayl ng mga nahihirapang magbasa na mag-aaral batay sa etnisidad, babasahing materyal sa tahanan at napapanood na materyal sa tahanan.
2. Matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa pagbasa ng mga nahihirapang mag-aaral.
3. Mabatid ang antas ng balidasyon ng nabuong biswal na materyal batay sa nilalaman presentasyon at kawastuhan.
4. Antas ng pagtanggap ng mga guro sa biswal na materyal sa pagbasa batay sa nilalaman, presentasyon, at kabuuang gamit.
5. Antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa biswal materyal sa pagbasa batay sa nilalaman presentasyon at kabuuang gamit.
6. Mabatid kung may makabuluhang kaibahan ba ang pagtanggap ng guro at mag-aaral.

## Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

### Kahirapan sa Pagbasa

Ang panonood ay ang konsepto ng pagtuturo gamit ang biswal na kagamitan. Ito`y isang makrong kasanayang mayroon sa aspeto ng paghahatid ng dunong at kabatiran. Ang makrong kasanayan sa panonood ay masasabingg na tulay tungo sa epektibong paglalahad ng kaisipan at ang pagkuha ng bagong kabatiran (Anastacio et al., 2024)

Ayon sa pananaliksik ni Velasquez (2016), isinaad niya na sina Bandura at ang kasamahan nito ay nag-eksperimento tungkol sa *observational learning*, kung saan ang tao ay natututo gamit ng pag-oobserba sa ginagawa ng ibang tao. Ang *observational learning* ay nangyayari habang pinanonood ng bata ang magulang na maglinis o magluto. Ito rin ay nangyayari habang pinanonood ng estudyante ang nagtuturo kung paano sagutin ang tanong sa pisara at marami pang iba. Mayroong bahagi sa katawan ng tao na awtomatikong nagtutulak upang sundin ang galaw o pag-uugali ng ibang tao dahil mayroong tinatawag na mirror neurons na tumutulak sa isang indibiduwal na sundin ang naobserbahan na kilos (Gakkese et al., 1996).

Batay sa pag-aaral nina Escano at Catungal (2021), nagresulta sa pag-aaral ay nagsasabing pinakamataas na kasanayan ang panonood kaysa sa pagkatutong pakikinig at pagbasa ng mga estudyante sa El Filibusterismo, kaya`t ang estudyante ay higit na nagkaroon ng pag-unlad gamit ang makabagong teknolohiya at lumabas sa pananaliksik na ang higit ang kagalingan ng paglapat ng panonood bilang pamaraanan ng kabatiran ng estudyante. Kaugnay nito, isinaad sa pananaliksik nila Anastacio et al., (2024), sa panonood ng bidyong pang-edukasyon, ang prosesong biswal

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-30

ay napapabilis ang pagbatid ng utak sa impormasyong biswal. Hango sa panggagaya sa bidyung nakikita, natututo ang isang mag-aaral.

**Kahirapan sa Pagbasa**

Ang pagbasa ay isang importanteng makrong kasanayang kailangang patuloy na pagyamanin. Hindi lang ito nagagamit sa araw-araw na pagkatuto, kundi may mas malalim at makabuluhang epekto rin sa personal at panlipunang aspeto ng buhay (Borah et al, 2024). Bilang isang tugon sa pagpapalinag ng kaalaman sa pagbasa ng estudyante ay lalapatan ito ng biswal na pantulong o panonood sa pagpapataas ng kakayahan ng estudyante

Ayon kay Perez (2019) na mula kay Saucer, ang kasalingan sa pagbasa ay isang importanteng salik sa tagumpay ng estudyante sa kanilang pagsusunog ng kilay. Bilang isang nahagi sa pagtuturo, ang pagbasa ay nagsisilbing pagtuklas sa kaalaman, kaya't mahalagang matulungan ang estudyante na mapaigting ang kanilang kagalingan sa pagbasa. Ayon kay Gonzales (2018), na tumukoy kay Villamin (1999), ang pagbasa ay itinuturing na susi na naglalantad ng daan patungo sa mundo ng kaalaman at karunungan. Kaugnay dito, ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa ay may mahalagang gampanin, lalo na para sa estudyante na siyang pangunahing tagapagdala ng kaalaman. Samakatuwid, ang kagalingan sa pagbasa ay mahalaga lalo't higit para sa estudyante na siyang daluyan ng kaalaman.

Binanggit ni Baltazar (2017), ang pagbasa ay kailnagn sa pagtamo ng kaalaman sa samut-saring aspekto ng pamumuhay. Ito ay naghahatid ng isang mahalagang gampanin upang matamo ang kabatiran sa palagiang pakisasalamuha sa mundo. Dagdag dito, sinasabi ring humahasa ang pagbabasa sa mental na debelopment at nagpapagalaw sa masel ng mata. Ito`y isang mabusising gawain na nangangailangan ng pokus ayon kay Austero (2011) mula sa pananaliksik ni Pama (2019). Kinakailangang nakatuon ang buong atensiyon sa binabasa upang lubusang maunawaan ang nilalaman na siyang tatatak sa isipan ng nagbabasa. Hindi lang kognitibo ang uunlad sa mambabasa kundi maging ang mental na kakayahan nito.

**Salik na Nakaiimpluwensiya sa Interes ng Estudyante sa Kagamitang Pampagtuturo**

Ayon kay Farland (1994) na isinaad sa pananaliksik nina Tomas et al. (2022), ang bansang Pilipinas ay kakikitaan ng mahigit 100 wika at bawat isa sa mga wikang ito'y may samut-saring dayalekto. Isinaad sa pananaliksik nina Delos Santos et al., (2024), hinggil sa pananaliksik ni Saavedra (2023), isa sa mga dahilan ng mahinang pagganap ng estudyante sa pagbasa ay ang kanilang negatibong pananaw at persepsyon patungkol sa kanilang unang wika o L1, na Chavacano. Napatunayan din ni Quijano (2011) na isinaad sa pananaliksik nina Arevalo at Samarca (2022), ang batang natutong magbasa at magsulat sa unang wika ay matuto rin sa pagsalita, pagbasa at pagsulat sa ikalawang wika hanggang ikatlong wika nang mabilis.

Batay sa lumabas ng pananaliksik ni Dogmo et al. (2024), lubos na epektibo talagang gamitin ang *YouTube* sa pag-alam ng estudyante sa gramatika gamit ang mga edukasyunal na bidyo.

Kaugnay sa pagbuo ng biswal na materyal, isinaad sa pananaliksik ni Tomlinson (2020) na pinagbatayan ng pananaliksik nina Behhay et al., (2024), ang paraan ng paggawa ng kagamitan ay parehong pag-aaral at isang praktikal na gawain. Binibigyang pansin nito ang prinsipyo at pamamaraan ng disenyo, pagpapatupad at pagsusuri ng materyales sa pagtuturo ng wika. Isinaad naman ni Alwright sa pananaliksik ni Menendez (2021), ang materyales ay siyang komokontrol sa pagtuturo, malaking tulong ito sa pagpapaunlad ng kaalaman na maaaring magsisilbing pagmulan ng mga bagong ideyang saklaw ang mga gawain tungo sa pagkakatuto ng estudyante na nangangailangang matuklasan o masuri ang kahusayan nito sa kurikulum at pagtuturo (Silva, 2008).

Lumabas sa pananaliksik ni Pacol (2023), na naglalayong makabuo ng interaktibong kagamitan sa pagpapadaloy ng kaalaman ng guro at kabatiran ng dayuhang estudyante ng wika at kulturang Filipino, gamit ang teknolohiya ay higit na napapalago ang paglalahad ng impormasyon gayundin ang pagbahagi at pagtamo ng kaalaman.

## II. METODOLOHIYA

**Lugar ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay inilunsad sa KNCHS-JHS, Lungsod ng Koronadal, Probinsiya ng Timog Cotabato.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang kalahok sa pananaliksik na ito ay ang estudyante sa ikapitong baitang sa taong-panuruan 2024-2025 na natukoy na *slow readers* na nasa *frustrated level* sa pagbasa at hindi angkop sa kanilang baitang ang kanilang kagalingan sa pagbasa at pag-unawa batay sa isinagawang *Group Screening Test* ng Phil-IRI ng mag-aaral ng

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-30

KNCHS-JHS. Nagkaroon ng 12 na bilang ng estudyante na magiging kalahok ng pananaliksik at 12 guro sa pagbasa sa pagtukoy ng pagtanggap nga mabubuong biswal na materyal sa pagbasa ng nahihirapang mag-aaral.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Dumaan sa masusing proseso ang pananaliksik ng mananaliksik. Una na rito ang pagbigay ng liham pahintulot sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng SKSU. Pagkatapos nito, nagbigay naman ng liham pahintulot sa punongguro ng KNCHS. Sinundan naman ito ng pagsasagawa ng *trial interview* upang masigurado na wasto ang panayam na gagawin. Kasunod nito ang pag-imbita sa kalahok ng pananaliksik sa pamamagitan ng liham at pagpapalagda ng *consent form.* Pagkatapos ay isinagawa na ang pangongolekta ng datos sa pagkuha ng propayl ng estudyante gamit ang tseklist kasunod nito ang pagsagawa ng interbyu gamit ang gabay na tanong.

Tumungo na sa transkripsyon ng sagot sa panayam at ipinakita ang sagot sa kalahok bilang bahagi ng *member checking.* Ipinakita rin ito sa kanilang guro sa pagbasa upang mapabalido ang kanilang mga sagot. Ang mga guro ay magsisilbing *key informants* sapagkat sila ang guro sa pagbasa. Pagkatapos nito ay sinuri ang nalikom na datos gamit ang *thematic analysis* para makuha ang salik na nakaapekto sa pagbasa ng nahihirapang estudyante. Nagbigay ng liham pahintulot sa tanggapan ng LRMDS ng dibisyon ng Koronadal para sa paggamit ng mga kuwento ng LR na ginamit sa paggawa ng biswal na materyal. Tumungo na sa pagbuo ng biswal na materyal sa pagbasa mula sa resulta ng paanayam at nakalap na datos. Pagkatapos nakabuo ng biswal na materyal sa pagbasa, ipinabalido ito sa tatlong masterado sa Filipino at dalawang masterado sa ICT. Sumunod ay ang pagtukoy sa pagtanggap ng guro at estudyante sa nagawang biswal na materyal sa pagbasa at pagtukoy kung may makabuluhang kaibahan ba pagtanggap ng mga guro at estudyante.

## III. PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHALAGA

**Propayl ng Estudyante na May Kahirapan sa Pagbasa**

Narito ang resulta ng talatanungan sa pagtukoy ng propayl ng nahihirapang estudyante hinggil sa etnisidad, babasahing materyal sa tahanan at napapanood na materyal sa tahanan.

**Talahanayan 1. Etnisidad ng Estudyante na may Kahirapan sa Pagbasa**

| Etnisidad | Kabuoang Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Ilonggo | 8 | 66.67% |
| Tagalog | 4 | 33.33% |

Batay sa Talahanayan 1, makikita na sa estudyante na may kahirapan sa pagbasa, 8 o 66.67% ay kabilang sa pangkat-etniko na Ilonggo, habang 4 o 33.33% ay kabilang sa pangkat-etniko na Tagalog. Ang wika ng mga katutubo ay pagkakakilanlan. Hinggil sa pananaliksik ni Liwanag (2007) na isinaad sa pag-aaral nina Tomas et al., (2022), ang wika ay may samut-saring pagkakaiba. Ito ay dulot ng kaibahan ng uri ng lipunan, trabaho, edad at kasarian at uri ng pangkat etnikong kinabibilangan.

**Talahanayan 2. Babasahing Materyal sa Pagbasa sa Tahanan.**

| Babasahing Materyal | Kabuoang Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Mga aklat | 9 | 75% |
| Magasin | 1 | 8.33% |
| Pahayagan | 2 | 16.67% |
| Komiks | 5 | 41.67% |
| Liham | 5 | 41. 67% |
| Kalendaryo | 11 | 91.67% |
| Bibliya | 11 | 91.67% |

Mula sa nalikom na datos mula sa labindawalang kalahok ng pananaliksik sa pagtukoy sa babasahing materyal na makikita sa tahanan, nakatamo ng pinakamataas na bilang ang kalendaryo at bibliya na mayroong 11 o 91.67%. Pinakamababa naman ang magasin na mayroong 1 o 8.33%. Hango sa pananaliksik nina Mulatu at Regassa (2022) na isinaad sa resulta ng pananaliksikl nina Delos Santos et al., (2024), natuklasan na ang kakulangan ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 21-30

pandagdag na materyales sa pagbabasa tulad ng magasin, pahayagan, at nobela ay nagiging hadlang sa paglinang ng kagalingan sa pagbasa ng estudyante, na maaaring magdulot ng pagkadismaya at pagkawala ng interes sa pagbasa.

**Talahanayan 3. Pagtukoy ng Napapanood na Materyal sa Tahanan.**

| Napapanood na Materyal | Kabuoang Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Palabas sa telebisyon | 9 | 75% |
| Mga bidyo sa *Youtube* | 12 | 100% |
| Mga pelikula | 10 | 83.33% |
| Dokumentaryo | 6 | 50% |
| Mga *cartoons at animated* | 9 | 75% |
| Video games | 8 | 66.67% |
| Mga bidyo sa social media | 11 | 91.67% |

Lumitaw sa nakalap na datos sa pagtukoy sa napapanood na materyal sa tahanan, nakakuha ng pinakamataas na puntos 12 o pangkalahatang posiyento na 100% ang mga bidyo sa *Youtube* at nakakuha naman ng pinakamababang puntos ang dokumentaryo na mayroong 6 o kabuoang porsiyento na 50%. Hango sa pananaliksik nina Parado at Reduban (2020) na isinaad sa pananaliksik nina Abaigar, et al. (2024), dahil sa modernisadong pagtuturo, ang lahat ay nagbago kasama na rito ang mundo ng pagbasa. Ang mga estudyante ngayon ay babad sa internet na dahilan ng pagrami sa mga ito ang hindi makapagbasa ng libro at ginagawang katuwiran ang mas mabilis na akses sa mga e-book. Kaugnay nito, ayon kay Elkhouly, M. (2010) sa pananaliksik ni Catbagan (2023), ang mga bentahe ng interaktibong awdyu-biswal na teknik at paglapat ng ICT sa pag-aaral ay lalong ginagamit.

## Salik na Nakaaapekto sa Pagbasa ng Nahihirapang Estudyante

Narito ang resulta ng isinagawang panayam sa kalahok ng pananaliksik upang mabatid ang salik na nakaaapekto sa pagbasa ng nahihirapang estudyante. Naging resulta ang mga tema ng pananaliksik mula sa pag-aanalisa ng mga datos gamit ang prosesong tematik analisis.

**Talahanayan 4. Salik na Nakaaapekto sa Pagbasa ng Nahihirapang Estudyante**

| LUMILITAW NA TEMA *(Emerging Theme)* | PINANGKAT NA MGA TEMA *(Clustered Theme)* | MAHALAGANG PAHAYAG *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| 1. Epektong Emosyonal at Sikolohikal | • Mahirap<br>• Hindi Masaya<br>• Mababang Kumpiyansa sa Sarili<br>• Takot sa Panunukso | "Mahirap kasi hindi marunong."<br>"Hindi masaya"<br>"Kinakabahan kasi hindi pa talaga ako ganun karunong magbasa"<br>"Tinutukso ka ng mga kaklase mo." |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. | Pagnanais sa Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa | • Mas Matuto pa<br>• Pagsisikap na Matutong Magbasa<br>• Pagsasanay na Magbasa<br>• Motibasyon sa Iba | "Gusto kong mabilis na akong magbasa. Magsanay pa."<br>"Magsusumikap ako sa pag-aaral para matuto akong magbasa"<br>"Magbasa pa. Magsasanay pa sa pagbasa"<br>"Opo. Mag-aral raw akong magbasa. Huwag raw akong maging pilyo. Mag-aral raw ako nang mabuti." |

**Lumitaw na Tema 1: Epektong Emosyonal at Sikolohikal**

Lumitaw ang temang ito hango sa pinangkat na tema mula sa tugon ng kalahok. Nalikha ang temang epektong emosyonal at sikolohikal mula sa tugon ng kalahok na nakararanas ng kahirapan, hindi masaya, nakararamadam ng mababang kumpiyansa sa sarili, hiya, takot sa panunukso ng iba at nakararamdam rin ang ito ng pagnanais na matuto at pagtanggap ng mga ito sa kasanayan ng pagbasa na meron sila.

Ang mga estudyante na may suliranin sa pagbasa ay madalas na nakararanas ng samut-saring emosyon tulad ng pagkabigo, mababang kumpiyansa sa sarili, at pagkabalisa (Caspe, 2024). Ayon sa pananaliksik nina Delos Santos et al., (2024), ang mga estudyanteng may mahusay na kagalingan yan sa pagbabasa ng salita ngunit mahina sa pag-intindi ay may tendensiyang lumayo sa pagbabasa, na nagdudulot ng paikot na epekto dahil ang pagbabasa ay kinakailangan upang mapabuti ang kasanayang ito.

Ang panunukso sa mag-aaral batay sa kakayahang pang-edukasyon at pampaaralan ay isa sa mga naranasan ng kalahok dahil sa kabatiran at kahirapan nito sa pagbasa. Hinggil sa pananaliksik nina Manggay (2014), malaki ang kaugnayan ng karakter sa pambubulas o panunukso. Sinasabi rito na mas malaki ang posibilidad na tinutkso ang bata kung may kaibahang nakikita ang tumutukso. Kaugnay rito, mayroong batas na nagsusulong ng proteksiyon sa mga biktima ng pambubulas, at karampatang parusa naman sa gumagawa nito. Ang *Anti-Bullying Act* o ang Republic Act 10627 ay naglalayong na maiwasan ang anyo ng pang-aapi at panunukso sa paaralan (Adardo at Masulit, 2019.

**Lumitaw na Tema 2: Pagnanais sa Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa**

Lumitaw ang temang ito batay sa pinangkat na tema mula sa sagot ng kalahok. Nabuo ang temang pagnanais sa pagpalinang sa kasanayan sa pinagkat na temang mas matuto pa sa pagbasa, pagsasanay nang paulit-ulit, pagsisikap na matutong magbasa, pagsasanay na magbasa, at pagtututo sa iba na naging tugon ng kalahok sa isinagawang panayam. Ang naging tugon ng kalahok ay nagkakapakita ng konsepto ng kagustuhan na mapalinang ang kakayahan nito bilang estudyante na nakararanas ng kahirapan sa pagbasa.

Batay sa pananaliksik nina Delos Santos et al. (2024), ang kagalingan sa pagbabasa at pag-unawa ng teksto ay mahalagang salik sa pagpapalinang at pagkatuto ng isang estudyante. Kaugnay nito, sinimulan ng Departamento ng Edukasyon noong Agosto 15, 2022, ang Nationwide Brigada Eskwela 2022 upang paigtingin ang pagtutulungan at pagpapatatag ng batayang edukasyon.

Mula sa natuklasang salik na nakaaapekto sa pagbasa ng estudyante na may kahirapan sa pagbabasa, ito ay sumasalamin na kinakailangan ang malalimang interbensiyon sa pagbasa. Inirekomenda sa pananaliksik nina Barba at Bruma (2024), na ang estudyante ay dapat na mabigyan ng angkop na interbensyon sa pagbasa sa paraan ng paggamit ng wastong na kagamitan sa pagturo para mapaunlad ang kagalingan sa pagbasa.

Isinaad sa pag-aaral ni Caspe (2024), ang pagbasa nang walang pag-intindi ay hindi pagbabasa. Kung wala ang pag-unawa, ang pagbabasa ay pagkilala lamang sa mga simbolo sa isang pahina na isinasatunog (Charles & Charles, 2018). Nagbabasa ang tao upang makakuha ng bagong kaalaman (Clinton, Tyner, Epstein & Lambert, 2016). Dahil sa komprehensyon, nauunawaan ng mga estudyante ang mga salita na kanilang nababasa (Rockets, 2020).

**Resulta ng Balidasyon ng Nabuong Biswal na Materyal**

Ang biswal na materyala bilang awtput ng pag-aaral at kagamitang pampagtuturo sa pagbasa ay nagsisilbing kagamitan upang mapalinang ang kakayahan sa pagbasa ng estudyante na may suliranin sa pagbasa.

**Talahanayan 5. Resulta ng Balidasyon sa Nabuong Biswal na Materyal**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 5:00 | 0.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Presentasyon | 5:00 | 0.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kawastuhan | 4.97 | 0.11 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoan** | **4.99** | **0.03** | Lubos na Sumasang-ayon |

Mahihinuha sa talahanayan, mababatid na ang resulta ng balidasyon sa nabuong biswal na materyal ay may mataas na antas ng pagtanggap mula sa *validators*. Ang **Nilalaman** at **Presentasyon** ay parehong nakakuha ng (M=5.00, SD=0.00), at ang **Kawastuhan** naman ay nakakuha ng (M=4.97, SD=0.11) na pawang mayroong deskripsiyong Lubos na Sumasang-ayon. Sa pangkalahatan, ito ay may (M=4.99 , SD =0.03) na may deskripsiyon na Lubos na Sumasang-ayon.

Ayon naman kay Elkhouly, M. (2010) sa pag-aaral ni Catbagan (2023), ang bentahe ng kawili-wiling awdyu-biswal na pamamaraan at paggamit ng ICT sa pag-aaral ay lalong ginagamit. Kaugnay rito, lumabas sa pananaliksik ni Pacol (2023) na naglalayong makabuo ng kagamitang interaktibo sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng dayuhang estudyante ng wika at kulturang Filipino, gamit ang teknolohiya ay higit na napapalago at napapabilis ang pagbabahagi ng impormasyon gayundin ang pagtuturo at pagkatuto.

## Resulta ng Pagtanggap ng Guro sa Biswal na Materyal sa Pagbasa

Bilang tagapaglunsad sa pagbasa, layunin nitong mapaunlad at mapalinang ang kakayahan ng estudyante na may kahirapan sa pagbasa.

**Talahanayan 6. Resulta ng Pagtanggap ng Guro sa Biswal na Materyal sa Pagbasa**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4:92 | 0.25 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Presentasyon | 4:90 | 0.21 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kabuoang Gamit | 4.94 | 0.22 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.92** | **0.22** | Lubos na Katanggap-tanggap |

Ipinakita ng talahanayan na ang resulta na ang pagtanggap ng mga guro sa nagawang biswal na materyal sa pagbasa ay may mataas na antas ng pagtanggap. Ang Kabuoang Gamit ay nakakuha ng (M=4.94, SD=0.22), ang Nilalaman ay naman ay nakakuha ng (M=4.92, SD=0.25) at ang Presentasyon ay may (M=4.90, SD=0.21) na ang lahat ay may deskripsiyong *Lubos na Katanggap-tanggap*. Sa pangkalahatan, ang mean ng kabuuang pagtanggap ay (M=4.92, SD=0.22) na may deskripsiyong *Lubos na Katanggap-tanggap*.

Ayon kay Aguilar (2020) na isinaad sa pananaliksik ni Salamat (2023), ang pagpapaunlad ng guro ng mga kagamitan sa pagtuturo partikular na ang pagpapanood ng video clip ay makapag-aambag sa pagtuturo ng hindi gaanong napakahirap na gawain. Dagdag pa rito, ipinapakita sa pag-aaral na ang paglapat ng mga kagamitang biswal ay nakapagpapataas ng interes at pagkaunawa ng estudyante, na nagiging dahilan upang mas maging makabuluhan ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto.

## Resulta ng Pagtanggap ng Mag-aaral sa Biswal na Materyal sa Pagbasa

Ang kahirapan sa pagbasa ng ilang estudyante ay nagiging balakid sa kanilang pag-intindi sa mga aralin.

**Talahanayan 7. Resulta ng Pagtanggap ng Mag-aaral sa Biswal na Materyal sa Pagbasa**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4:87 | 0.29 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Presentasyon | 4:69 | 0.48 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Kabuoang Gamit | 4.75 | 0.47 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | 4.77 | **0.75** | Lubos na Katanggap-tanggap |

Ipinapakita sa resulta ng pagsusuri, ang antas ng pagtanggap ng estudyante sa biswal na materyal sa pagbasa ay may kabuuang (M=4.77, SD=0.75) na may deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap. Ang **Nilalaman** ay may nakakuha ng (M=4.87, SD =0.29), ang **Kabuoang Gamit** ay may (M=4.75, SD=0.47) at ang **Presentasyon** naman ay may (M=4.69, SD=0.48). Ang lahat ng ito ay may deskripsiyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Kaugnay nito, isinaad sa pananaliksik nila Anastacio et al., (2024), sa panonood ng pang-edukasyong, ang prosesong biswal ay napapabilis ang pag-intindi ng utak sa mga impormasyong biswal. Sa panggagaya sa bidyung nakikita, natututo ang isang estudyante. Makikita sa pananaliksik nina Escano at Catungal (2021), ang resulta ng kanilang pananaliksik ay nagsasabing pinakamataas na kasanayan ang panonood kaysa sa pakikinig at pagbasa sa pagkatuto kung kaya`t ang estudyantel ay mas nagkakaroon ng pagkatuto gamit ang makabagong teknolohiya at lubos ang kabisaan ng paggamit ng panonood bilang pamaraanan ng pagkatuto ng estudyante.

### Kaibahan sa Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral sa Biswal na Materyal

Makikita sa talahanayan ang pagkakaiba ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa biswal na materyal.

**Talahanayan 8. Resulta ng Kaibahan sa Pagtanggap ng mga Guro at Mag-aaral sa Biswal na Materyal**

| Pangkat | SD | Mean | t-value | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Guro at Mag-aaral | .278 | .14103 | 1.757 | .107 | Walang makabuluhang kaibahan |

*at 0.05 antas ng kahalagahan*

Batay sa resulta ng Paired Samples Test, natagpuan na ang pagkakaiba sa mean ng guro at mag-aaral ay 0.14103 na may (SD=0.27800, SEM=0.08025). Ang nakuha na t-value ay 1.757 na may degree of freedom (df) na 11 at p-value (Sig. 2-tailed) na 0.107.

Dahil ang p - value (0.107) ay mas mataas sa 0.05 *significance*, nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng mga guro at estudyante sa biswal na materyal. Bagamat may kaunting pagkakaiba sa kanilang *mean scores*, hindi ito sapat upang masabing may *statistically significant* na kaibahan. Sa madaling sabi, hindi maaaring ipagpalagay na talagang mas tinatanggap ng mga guro kaysa sa estudyante ang biswal na materyal batay sa datos na ito.

Ang makrong kasanayan sa panonood ay maituturing na kagamitan tungo sa mabisang paglalahad ng kaisipan at ang pagkuha ng bagong dunong (Anastacio et al., 2024). Karagdagan, binanggit din sa pananaliksikl nina Abad at Ruedas (2001) na isinaad sa pag-aaral Victoria (2019), ang kagamitang panturo tulad ng instruksyonal na pangmidya ay naglalahad ng kongkretong pundasyon sa pag-unlad ng kaalaman na makatutulong sa kaguruan.

### Konklusyon

Napatunayan ng pananaliksik na karamihan sa estudyante na may kahirapan sa pagbasa ay kabilang sa pangkat-etniko na Ilonggo. Karaniwang babasahing materyal na matatagpuan sa kanilang tahanan ay ang kalendaryo at bibliya, habang ang *YouTube* ang pangunahing napapanood na materyal. Ipinahihiwatig nito na maaaring may limitadong *access* ang estudyante sa iba pang uri ng babasahin at edukasyonal na panoorin dahil tanging kalendarya, bibliya at ang alam lamang nila ay Youtube para sa panonood.

Dagdag pa rito, ang kahirapan sa pagbasa ay may matinding epekto sa emosyonal at sikolohikal na estado ng estudyante, na nagdudulot ng mababang kumpiyansa sa sarili at takot sa pangungutya. Gayunpaman, ipinakita ng pananaliksik na may matibay silang pagnanais na matuto at pagbutihin ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Ang patuloy na pagsasanay at suporta mula sa pamilya at guro ay mahalaga upang mapalakas ang kanilang loob at mapadali ang kanilang pagkatuto.

Ipinahihiwatig ng resulta ng balidasyon na ang nabuong biswal na materyal ay may mataas na antas ng pagtanggap mula sa tagabalido. Samakatuwid, balido ang nabuong biswal na materyal dahil pumasa ito sa pamantayan ng nilalaman, presentasyon at kawastuhan

Kaugnay nito, ang guro ay may mataas na antas ng pagtanggap sa nabuong biswal na materyal sa pagbasa. Ipinapahiwatig nito na ang materyal ay naaangkop para sa paggamit sa pagtuturo sa pagbasa na naaayon sa interes at lebel sa kasanayan sa pagbasa ng estudyante ng mga ito sa pagbasa. Sa kabuoan, ang resulta ay nagpapatunay na ang biswal na materyal ay angkop na kagamitang pampagtuturo sa estduyante na may kahirapan sa pagbasa.

Angkop na kagamitang pampagtuturo sa estudyante na may kahirapan ang nabuong biswal na materyal. Ang mataas na mean scores sa nilalaman, kabuoang gamit, at presentasyon ay naglalahad na ang materyal ay angkop sa kanilang pagkatuto.

Gayundin, higit din itong nagustuhan ng estudyante dahil ito ay umaakma sa hilig at kagustuhan sa panonood tulad ng *YouTube,* mga pelikula at mga *cartoons at animated* na palabas na unang tatlo na lumabas na pinapanood ng estudyante sa tahanan.

Sa kabuoan, sadyang naaangkop ang biswal na materyal sa pagtuturo ng estuddyante na nahihirapang magbasa sa pananaw ng guro at mga target na estudyante.

**Rekomendasyon**

Batay sa resulta ng pananaliksik na ito, humantong sa sumusunod na rekomendasyon ang mananaliksik upang makapagbigay ng mas malalim na kaalaman tungkol sa pagbuo at pagtanggap ng biswal na materyal sa pagbasa:

1. Hikayatin ang guro at magulang na gumamit ng babasahing materyal at palabas na naaayon sa kultura, wika, at interes ng mga mag-aaral upang mapalakas ang kanilang kasanayan at hilig sa pagbasa.
2. Maaring magsagawa ng palagiang pagsusuri sa antas ng pagbabasa ng estudyante at magdisenyo ng angkop na interbensyon, habang pinalalawak ang ugnayan sa mga magulang upang suportahan ang kasanayan sa pagbasa.
3. Maaaring gamitin sa pagturo ng estudyante na may suliranin sa pagbasa ang nabuong biswal na materyal.
4. Imunumungkahi na gamitin ng paaralan bilang isang kagamitang pampagtuturo ang nabuong biswal na materyal.
5. Hinihikayat ang paggamit ng biswal na materyal sa pagtuturo ng mga guro sa pagbasa.
6. Maaaring dagdagan pa ang nabuong biswal na materyal para sa pagtuturo ng pagbasa sa estudyante.
7. Sa mga susunod na mananaliksik, hinihikayat na lumikha ng mga biswal na materyal sa pagbasa na kontekstuwalisado at lokalisado na nakatuon sa pangangailangan ng estudyante sa lubos na makabuluhang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

**Sanggunian**

Abaigar, B. R., Galit, G. C., & Balderian, A. L. (2024). Eksploratoring pagsusuri sa kakayahan at salik na nakaaapekto sa komprehensiyon sa pagbasa sa Filipino. *ResearchGate*. https://www.researchgate.net/publication/381655223

Aclinen, Z. M., & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12),* 319–345. https://cognizancejournal.com/vol3issue12/V3I1228.pdf

Alonzo E. & Galiza C. ( 2021). Writing prowess of first year BAT students: A groundwork for language magnification program. The Asian EFL. 28(13),pp 39-49.

Andres, A. (2019). Achievement Goals and Mathematics Achievement of the Senior High School Students. International Journal of English and Education, 8 (2).

Andres, A. (2023). Establishing Quality Instrument for the Summative Assessment of Pre-Service Elementary Teachers. JETT. 14 (3), 9-16).

Anastacio, S. G., Estrera, M. P., Longcop, H. A., Sabucido Jr., A. D., & Tabigne, R. C. (2024). Epektibong paggamit ng panonood ng mga pang-edukasyong bidyo bilang pamamaraan ng pagkatuto. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(2).* https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13510

Barba, M. M., & Bruma, R. D. (2024). Interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa. *International Journal of Novel Research and Development.* https://ijnrd.org/viewpaperforall.php?paper=IJNRD2405825

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bautista, S. A. (2022). DepEd enhances Brigada Pagbasa Program. *Philippine Information Agency.* https://pia.gov.ph/news/2022/06/16/deped-enhances-brigada-pagbasa-program

Borah, S. A., Guadalquiver, K. D., Layam, H. V., Mendoza, A. M. C., & Antesing, J. J. B. (2024). Mabubuting gawi sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8(3),* 76–82. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/H248037682.pdf

Caspe, L. J. P. (2024). Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang kanilang akademikong pagganap. *The American Journal of Humanities and Social Sciences Research (THE AJHSSR), 7(2),* 79-83. https://www.theajhssr.com/vol-7-iss-2/THEAJHSSR_G0707908301024.pdf

Dalumpines, S. C. (2021). Epekto ng panonood ng banyagang pelikula sa pagpapaunlad ng wikang Filipino sa aspeto ng komunikasyon ng LSPU Senior High. https://www.studocu.com/ph/document/university-of-pangasinan/information-technology/pdfcoffee/28258168

De Guzman, C. G. (2019). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang: Batayan sa pagbuo ng kagamitang pagsasanay sa pag-unawa sa binasa. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8720

Delos Santos, L. S., Garingalao, A. D. N. E., Mariano, J. P., Najam, H. M., & Ladao, C. C. (2024). Mga salik na nakaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), ‘ 8(3),* 130-140. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/N24803130140.pdf

Espenida, C. M., & Mapa, K. K. D. (2024). USAPP E-MOBILE: Interaktibong kagamitan sa pagbasa. *International Journal of Novel Research and Development.* https://www.ijnrd.org/viewpaperforall.php?paper=IJNRD2409014

Felonia, M. (2021). Mga pamamaraan at kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa panahon ng pandemya. *ResearchGate.* https://www.researchgate.net/publication/353543257

Galgao, C. T. (2022). Perpormans sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino, San Miguel Technical Vocational School: Mungkahing kaparaanan ng pagpapabuti. *International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR), 1(3),* 130–142. https://etcor.org/storage/iJOINED/Vol.%20I(3),%20130-142.pdf

Largo, R. (2020). Salik sa pagtuturo ng L1 (katutubong wika) at L2 (wikang Filipino). *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 4(4),* 200-209. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2020/04/W2044200209.pdf

Tomas, D., Payangdo, J., & Sagayo, E. (2022). Pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ng wikang Filipino bilang pangalawang wika. *ResearchGate.* https://www.researchgate.net/publication/383038106